SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

# KAPASIYAHAN BLG. 2021-114

**"NAGTATAKDA NA GUNITAIN TUWING IKA-25 NG NOBYEMBRE NG BAWAT TAON ANG 'ORANGE DAY' (NO TO VAWC) DITO SA BAYAN NG BUSTOS, BULACAN."**

OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
By: [signature]
Date: DEC 21 2021

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Rosette G. Pangilinan**
*Tagapangulo*
Lupon sa Kagalingan at Serbisyong Panlipunan, Karapatang Pantao at Paglahok ng Mamamayan

---

**SAPAGKA'T,** ang kapasiyahang ito ay alinsunod sa Kapasiyahan Blg. 094, T'18 ng Sangguniang Panlalawigan ng Bulacan at isinasalokal ng dito sa Bayan ng Bustos, Bulacan;

**SAPAGKA'T,** itinalaga ang "Orange Day" sa pamamagitan ng Campaign UNITE to End Violence Against WOMEN ng United Nations Secretary-General upang itaas ang kamalayan at gumawa ng aksyon upang tapusin ang karahasan laban sa mga kababaihan at kabataan;

**SAPAGKA'T,** ang "Orange Day" ay tinatawag ang pansin ng mga civil society, pamahalaang local at nasyunal at UN partners na magpakilos ng mga tao kaugnay ng pagpigil sa karahasan laban sa mga kababaihan at labataan at gugunitain tuwing International Day for the Elimination of Violence Against Women;

**SAPAGKA'T**, batay sa Seksyon 11, Artikulo II ng Saligang Batas ng 1987, "na pinahahalagahan ng estado ang bawat dignidad ng sinumang tao at tinitiyak ang buong paggalang sa kani-kanilang karapatang pantao";

**SAPAGKA'T**, sang-ayon sa Seksyon 2, Deklarasyon ng Patakaran ng Batas Republika 9710, kilala sat agurin "An Act Providing fot the Magna Carta of Women", na isulong itangkilik at itaguyod ang Karapatan, proteksyon ng kababaihan tulad ng tinatamasa ng ibang kasapi sa lipunan;

**SAPAGKA'T**, itinatakda rin ng nasabing batas, sa Seksyon 9 nito, na dapat tiyakin ng estado na ang lahat ng kababaihan ay mapangalagaan laban sa lahat ng uri ng karahasan na itinatadhana ng umiiral na batas;

**SAPAGKA'T**, ang Batas Republika 9262, kilala sa taguring "Anti-Violence Against Women", ito ay ang batas na nagtatadhana sa proteksyon ng kababaihan at ng kanilang mga anak, ay ang karaniwang nalalabag na batas laban sa kababaihan at ang maigting na implementasyon ng nasabing batas ay tunay na magsusulong ng kapakanan ng nabanggit na sektor.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. ROSETTE G. PANGILINAN** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na gunitain tuwing ika-25 ng Nobyembre ng bawat taon ang "Orange Day" (No to VAWC) dito sa bayan ng Bustos, Bulacan.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-23 ng Nobyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni | **Jonalyn S. Ortega-Santos**<br>Kasangguni |
| **Toni Flor H. De Guzman**<br>Kasangguni | **Rosette G. Pangilinan**<br>Kasangguni |
| **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni | **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni |
| **Melvin H. Melencio**<br>Kasangguni | **Gemar Aldrich M. Cruz**<br>Kasangguni |
| **Martin SJ. Angeles**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-23 ng Nobyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim